

BE SAFE ★
CHICAGO ★



Maging Ligtas.
Mga Pantahanang Gusali

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Ano ang nasa gabay na ito?



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga malusog na pakikisalamuha



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Ugaliin ang paglayo sa kapwa

- Ihiwalay ang mga istasyon ng trabaho nang hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo sa isa't isa sa mga espasyo para sa mga tauhan na namamahala at tauhan ng tanggapan para sa pagpapaupa
- Ugaliin ang paglayo sa kapwa sa mga lugar na ginagamit ng lahat (lobby, mga pasilyo, elevator, mga hagdanan, mailroom) at kapag pumapasok o lumalabas sa gusali at kuwarto para sa paglalaba

Limitahan ang pagpupulong ng mga residente sa hindi hihigit sa 10 tao sa mga lugar na ginagamit ng lahat at mga espasyo para sa amenity

- Kabilang sa mga amenity ang mga kuwarto para sa conference, lounge para sa mga naninirahan, at club house / kuwarto para sa paglalaro
- Gamitin ang mga espasyong ginagamit ng lahat sa pamamagitan ng appointment kung saan maaari
- Limitahan ang kapasidad sa mga lugar na ginagamit ng lahat sa hindi lalagpas sa 25% para sa mga espasyo sa loob o mga aktibidad nang may mga paghihigpit sa dami ng maaaring manatili, habang tinitiyak ang paglayo sa kapwa

Kinakailangan ang PPE sa lahat ng lugar na ginagamit ng lahat; dapat magbigay ang mga employer ng wastong kagamitan sa mga tauhan

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat (hindi kabilang ang mga pribadong sambahayan), dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Magbigay ng wastong kagamitan sa mga empleyado at tauhan para sa maintenance, kabilang ang mga mask, guwantes para sa paglilinis, botas, salamin para sa kaligtasan, ayon sa naaangkop

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga malusog na pakikisalamuha



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Magbigay ng sapat na sanitizer at tisyu, at sanayin ang mga tauhan tungkol sa mga bagong proseso

- Isulong ang kalinisan kaugnay ng pag-ubo, at pagbahing at kalinisan ng kamay (hal., paghuhugas ng kamay) para sa mga tauhan at residente
- Magbigay ng mga sanitizer sa kamay at tisyu sa mga lugar na ginagamit ng lahat
- Hikayatin ang mga empleyado na kumumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Limitahan ang personal na pakikisalamuha sa mga dinadaanang lugar at sa masisikip na lugar

- Buksan muli ang mga amenity nang may inayos na oras at limitasyon sa dami ng taong maaaring manatili
- Ipagbawal ang paggamit ng mga bisita sa mga amenity (mga partikular na kinakailangan para sa mga sentro ng negosyo, kuwarto para sa conference, clubroom/kuwarto para sa paglalaro, espasyo sa labas)
- Isara ang access sa mga sentro para sa fitness, ayon sa mga alituntunin para sa Kalusugan at Fitness, maliban na lamang kung para ito sa one-on-one na personal na pagsasanay
- Isara ang anumang lugar para sa languyan, spray pool (libangang nagwiwisik ng tubig), spa, at sauna
- Isulong ang gawi ng walang contact na paghahatid ng mga package at pagkain (hal., mga kuwarto para sa pakete na makukuha nang mag-isa)
- Kung available, itakda o iskedyul ang oras kung kailan maaaring makuha ng residente ang mga package
- Ayusin ang dami ng taong maaaring sumakay ng elevator, gumamit ng mga marka sa sahig at/o mga palatandaan, at bawasan ang laki ng mga pagpupulong sa mga lobby ng elevator at iba pang pampublikong lugar kapag maaari. Pag-isipan ang mga karagdang opsyon para sa mga bisita, tulad ng pagpapahintulot ng paggamit ng mga service elevator ng mga populasyong mas mahina sa sakit, ayon sa maaari. Ayon sa nakatakda sa ilalim ng "Pamprotektang gamit" sa itaas, dapat isuot ang mga pantakip sa mukha sa anumang espasyong nasa loob na ginagamit ng lahat (hal., mga elevator o lobby ng elevator)
- Gawing available para magamit ang mga hagdanan ng gusali, ayon sa naaangkop na kodigo sa sunog at kaligtasan ng buhay, at mga konsiderasyon sa seguridad
- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Magpanatili ng mahihigpit na kinakailangan sa paglilinis

- Linisin ang opisina at ang mga madalas hawakang lugar na ginagamit ng lahat nang ilang beses kada araw
- Linisin ang lahat ng madalas hawakang patungan at gamit tulad ng mga hawakan ng pintuan, hawakan ng hagdanan, pindutan sa elevator, desk ng reception at kagamitan sa kuwarto para sa paglalaba, kabilang ang mga lobby, elevator, kuwarto para sa paglalaba, at mga hagdanan
- Bigyan ng prioridad ang pagpapanatili sa loob ng yunit kaysa sa pang-emergency na kahilingan para sa pagpapaayos



Magpaskil ng mga alituntunin at bagong proseso ng pagpapatakbo para sa mga residente at tauhan

- Magpaskil ng nakikitang patnubay para isulong ang paglayo sa kapwa, mga alituntunin ng CDC, at kalinisan sa kalusugan
- Gumamit ng mas maraming palatandaang naglilinaw ng mga patakaran at pamamaraan sa lahat ng espasyo (lalo na sa saanmang puntong pasukan/labasan ng gusali)

- Inirerekomendang patnubay -



Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Ayusin ang mga kondisyon sa lugar ng trabaho at i-set up ito para isulong ang limitadong pakikisalamuha

- Buksan ang tanggapan para sa pagpapaupa nang may limitadong oras; mas mainam kung may appointment
- Mag-alok ng mga virtual at mag-isang isinasagawang tour bilang opsyon; limitado ang mga tour sa mga amenity, model, at bakanteng yunit lamang
- Isaayos ang mga muwebles/istasyon ng trabaho nang 6 na talampakan ang layo sa isa't isa
- Gumamit ng mga malinaw na plastik na harang sa pagitan ng mga istasyon ng trabaho (kung <6 na talampakan ang layo) o sa desk sa pag-check in, kung available at maaari
- Pag-isipang itigil ang paggamit, tanggalin o paglayuin ang mga muwebles, fixture at iba pang elemento ng impraestruktura sa mga masikip na lugar, kabilang ang mga lugar para sa trabaho na ginagamit ng marami
- Magtaguyod ng mga proseso para sa paglipat na sumusuporta sa paglayo sa kapwa, mga kinakailangan sa PPE; mga paglipat sa gusali na kailangan ng appointment at may limitasyon sa dami ng paglipat sa isang araw
- Sundin ang mga alituntunin ng CDC para sa pagdaloy ng hangin at bentilasyon

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga operasyon at pagsubaybay



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Magbigay ng sapat na pagkakataon para sa mga modelo ng trabahong may pleksibilidad, kung naaangkop

- Hikayatin ang paggamit ng mga modelo ng trabahong may pleksibilidad, kabilang ang mga estratehiya para sa pagtatrabaho mula sa tahanan at mga opisinang binawasan ang kapasidad
- Hikayatin ang paggamit ng yugto-yugtong araw ng trabaho/linggo ng trabaho para mabawasan ang dami ng tao sa loob ng opisina
- Hikayatin ang mga patakaran para mabawasan ang hindi esensyal na paggamit ng pampublikong impraestruktura na nasa gusali, kabilang ang lahat ng pataas na sistema ng transportasyon, lugar na ginagamit ng lahat, at pang-emergency na hagdanan
- Hindi dapat labag sa mga kinakailangan ng kodigo sa sunog at kodigo sa emergency ang paggamit ng mga hagdanan



Tanggalin ang personal na pakikisalamuha sa mga lugar na ginagamit ng lahat

- Pag-isipang bawasan ang dami ng taong nasa lugar ng trabaho at pagsasabay-sabay ng mga tauhan sa pamamagitan ng may pleksibilidad/yugto-yugtong pag-iiskedyul, pag-ayos ng galaw ng empleyado sa opisina at pisikal na impraestruktura para sa kaligtasan
- Bawasan ang pakikisalamuha ng tao para sa pagbabahagi ng mga sulat at package (habang nililimitahan ang epekto sa mga gawi sa pagkakasunod-sunod ng kontrol/pagtago), at kung mayroon, magbigay ng wastong PPE sa mga empleyadong nangangasiwa ng mga sulat

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga operasyon at pagsubaybay



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Isulong ang limitadong paggamit ng pampublikong transportasyon ng mga tauhan


- Hikayatin ang maingat na pagbiyahe sa pamamagitan ng mga pampublikong sistema ng transportasyon, kabilang ang mga paliparan at istasyon ng tren na maaaring gamitin ng publiko, at ganap na pagsunod sa paglayo sa kapwa at kinakailangang PPE
- Limitahan ang magkasabay na pagbiyahe ng mga tauhan sa pagitan ng mga gusali ng parehong kompanya ng pamamahala

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga operasyon at pagsubaybay



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH (tandaan: para sa mga residente, sundin ang Gabay ng CDPH ukol sa COVID-19 para sa Mga Pantahanang Gusali na May Maraming Pamilya)
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

- Inirerekomendang patnubay -





Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagpupulong: Isang planado o biglaang kaganapan kung saan nakikipagsalamuha ang mga indibidwal sa mga taong hindi nakatira sa parehong sambahayan nang malapitan (<6 na talampakan) sa matagal na panahon

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Maging Ligtas. Mga Pantahanang Gusali

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):*

<https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Building Owners and Managers Association International – BOMA International's Coronavirus Resource Center (Sentro ng Dulugan ukol sa Coronavirus ng BOMA International):

<https://www.boma.org/coronavirus>

National Association of Realtors – Coronavirus: A Guide for Realtors (Isang Gabay para sa Mga Realtor):

<https://www.nar.realtor/coronavirus-a-guide-for-realtors>

JLL – COVID 19 Resources for Real Estate (Mga Dulugan ukol sa COVID 19 para sa Real Estate): <https://www.us.jll.com/en/coronavirus-resources>

National Apartment Association – COVID 19 Resources (Mga Dulugan ukol sa COVID 19) : <https://www.naahq.org/coronavirus-guidance>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

- Inirerekomendang patnubay -



Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng
trabaho

Patnubay sa Mga
Gusali

Pahayag ng
Pagtangga